# Mga Paratang ng Katiwalian na Kinasasangkutan ng mga Anak ng Pulitiko, 2025-056-FB-MR

**<u>Buong Desisyon sa Kaso</u>**

## 1. Paglalarawan at Kaalaman Tungkol sa Kaso

Noong Abril 2025, nag-post ang isang user ng Facebook ng dalawang image sa page ng isang Facebook group. Ipinakikita sa unang larawan ang pulitikong Pilipinong si Elizaldy Salcedo Co at ang kaniyang pamilya. Kasama rito ang kaniyang mga anak, na ang ilan ay menor de edad pa lang. Ang larawang ito ay iniulat na dati nang naibahagi sa publiko ng pulitiko sa kaniyang social media. Nagpapakita naman ang isa pang larawan ng isang eroplanong lumilipad sa ibabaw ng tubig. Ayon sa caption, na nasa wikang Tagalog at Ingles, mayroong Gulfstream aircraft na nakapangalan sa mga anak ng dating kongresista at kinukuwestiyon nito kung paano ito nabili. May kasama itong mga pariralang, “Hindi na baleng mawalan ng kaligtasan at seguridad ang pamilya mo. Tama ba Zaldy?” at “Ito ang kapalit, Zaldy. Ang pamilya mo.” Nagtatapos ito sa mga salitang Tagalog na “Hindi ka namin patahimikin.” Bagaman isinalin ng Meta ang pahayag na ito bilang, “Tutugisin [ka] namin,” hindi ito ipinakahulugan bilang pagbabantang maghasik ng karahasan laban sa target, kundi isang intensyong puksain ang katiwalian. Kinumpirma ang pagbasang ito ng mga eksperto sa lingguwistika na kinonsulta ng Board, ngunit ipinakahulugan nila ang pariralang ito bilang, “Hindi ka namin tatantanan.”

Naibahagi ang post nang higit sa 4,000 beses at umani ito ng higit sa 1.7 milyong view. Sa araw na nai-post ito, natukoy ng dalawang magkaibang Meta classifier ang post at ipinadala ito upang maipasuri sa mga tao. Ang isa sa mga classifier ay idinisenyo upang maghanap ng viral na content na posibleng lumalabag sa patakaran sa Karahasan at Pag-udyok ng Karahasan ng Facebook, habang ang pangalawa namang classifier ay tumutukoy ng posibleng viral na content na maaaring may kinalaman sa pananakit sa mga kabataan. Hindi isinapriyoridad ang alinman sa mga ulat ng mga automated system ng kumpanya upang maipasuri sa mga tao, at nanatili sa platform ang post.

Pagkatapos makatanggap ng ulat mula sa isang kontak sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas, kalaunan ay in-escalate ng pangkat para sa Pampublikong Patakaran ng Meta ang content. Ayon sa kumpanya, hindi ito nakatanggap ng anumang komunikasyon mula sa tinukoy na Kongresista. Inanalisa ng Meta ang post at komunsulta ito sa mga ekspertong may lokal na kaalaman sa konteksto, na hindi nagpakahulugan sa caption sa post bilang banta ng karahasan. Pagkatapos ng pagsusuring ito, nabuo ng kumpanya ang kongklusyong hindi lumalabag sa Mga Pamantayan ng Komunidad ang post at pinanatili ito sa platform. Pagkatapos, isinangguni ng Meta ang kaso sa Board.

Nang walang pinapanigan tungkol sa mga partikular na katotohanan dito, nauunawaan ng Board na sa konteksto ng Pilipinas, maraming iba't ibang hamon ang kinahaharap ng mga naghahain ng mga alegasyon ng katiwalian. Dahil dito, isinaalang-alang ng Board ang mga sumusunod na elemento sa paggawa ng desisyon nito:

Ang katiwalian ay isang pandaigdigang problemang nagpapahina sa bisa ng batas, at mahalaga para sa paghingi ng pananagutan ang pampublikong talakayan at pambabatikos sa katiwalian. Ang Global Investigative Journalism Network (GIJN), at ang Organized Crime and Corruption Reporting Project (OCCRP) ay nag-ulat ng iba't ibang teknik para sa paggamit ng mga kamag-anak bilang proxy upang maikubli ang tunay na pagmamay-ari ng mga asset at maitago ang ilegal na yaman. Ang mga pulitiko sa buong mundo, kasama na rito ang mga pinuno ng estado, opisyal na may matataas na ranggo at oligarkiya, ay naiulat na gumagamit ng ganitong taktika upang makaiwas sa pambabatikos ng publiko at pag-ako ng pananagutan, kabilang na rin dito ang mga karampatang kaparusahan. Naisiwalat sa mga ganitong imbestigasyon ang daan-daang menor de edad na nakalista bilang mga may-ari ng mga kumpanya sa mga hurisdiksyong may limitadong transparency, na nagbunyag kung gaano kadaling masamantala ang mga ugnayang pampamilya upang makaiwas sa pambabatikos (tingnan ang pampublikong komento ng Transparency International, PC-31435). Sa taong 2025, nagbigay ang United Nations (UN) Committee on Economic, Social and Cultural Rights ng pangwakas na komento sa ikapitong pana-panahong ulat ng Pilipinas kung saan iginiit ang “pag-aalala nito na ang katiwalian ay nananatiling laganap sa lahat ng sangay ng pamahalaan at sa mas malawak na pampublikong sektor.”

Noong Setyembre 2025, mahigit 30 negosyo at organisasyon ng lipunang sibil sa Pilipinas ang naglabas ng pahayag na nagpapahiwatig ng alalahanin tungkol sa ipinagpapalagay na katiwalian sa mga proyektong imprastruktura ng pamahalaan.

Ipinakita sa pag-uulat ang galit ng publiko na sumiklab sa mga viral na social media campaign, pagpoprotesta at pagkadismaya ng masa sa tinaguriang “nepo babies” - mga anak ng mga makapangyarihang pulitiko at kontratista ng pamahalaan na nagpapakita ng maluhong pamumuhay online, na nagpaigting sa paniniwalang ginagamit sa maling paraan ang mga pondo ng publiko para sa sariling pagpapayaman. Sa kontekstong ito, ang kasalukuyang Pangulo ng Pilipinas na si Ferdinand Marcos Jr. ay nagtatag ng independiyenteng komisyon upang mag-imbestiga ng mga posibleng iregularidad sa mga inisyatiba sa imprastruktura at nag-utos na suriin ang pamumuhay ng mga opisyal ng pamahalaan upang matiyak ang transparency sa mga yaman at asset.

May restriksyon sa diskursong sibiko sa Pilipinas, partikular na para sa mga taong pumupuna sa pamahalaan, kasama na rito ang mga nag-uulat ng katiwalian. Ang mga maling alegasyon ng katiwalian ay ginagamit din minsan bilang mga kasangkapan upang atakihin ang mga kalaban sa pulitika. Pangkaraniwan na ang persekusyon, na isinasagawa ng mga aktor sa pamahalaan at mga taong may mga pribadong interes, kabilang na rito ang pagpatay sa mga mamamahayag at mga tagapagtanggol ng mga karapatang pantao. Ayon sa ulat ng mga internasyonal na organisasyong hindi pampamahalaan na Freedom House at Human Rights Watch, ang mga mamamahayag at aktibistang pumupuna sa pamahalaan ay kadalasang nahaharap sa mga kriminal na kaso at karahasang extrajudicial o sa labas ng batas. Kasama sa mga katangi-tanging halimbawa sina Percy Lapid (Percival Carag Mabasa) at Melinda “Mei” Magsino, na dalawang prominenteng Pilipinong mamamahayag na kilala sa kanilang pag-uulat ng katiwalian, na naiulat na pinatay dahil sa trabahong iyon. Nauunawaan din ng mga organisasyong ito na tuloy-tuloy na nangyayari ang red-tagging - ang karaniwang ginagawa ng mga awtoridad ng estado na pagpapataw ng label at persekusyon sa mga aktibista, mamamahayag, at mga tagapagtanggol ng mga karapatang pantao na pumupuna sa pamahalaan, kung saan tinatawag silang mga komunista, subersibo o terorista anuman ang kanilang mga aktuwal na paniniwala o inaanibang pangkat. Sa isang kamakailang ulat, nagbabala ang UN Special Rapporteur sa kalayaan sa pamamahayag na ang red-tagging ay “lubos na nagpapatindi sa mga banta at isang paraan upang mag-udyok ng karahasan,” na nagpapahina sa sibikong espasyo at ginagawang ilegal ang pagsisikap na ipaglaban ang mga karapatang pantao.

Hinggil sa mga image sa post na ito, noong Marso 2025, itinanggi ni Co na pagmamay-ari niya ang isang aircraft na ginamit upang ibiyahe ang dating Pangulo ng Pilipinas na si Rodrigo Duterte upang harapin ang mga kaso nito sa The Hague. Naging laman ng malawakang debate online ang isyung ito, kabilang na rito ang dahil sa espekulasyong ang eroplano ring iyon ay ginamit dati ni Pangulong Marcos Jr., na nagtulak sa mga

online user at ilang pulitiko upang kuwestiyunin kung sino ang may-ari nito at kung sino ang nagbayad para sa pagbiyahe. Nag-resign si Co noong Setyembre 2025 sa Kapulungan ng mga Kinatawan matapos siyang ipatawag upang humarap sa komisyong nagsasagawa ng imbestigasyon.

2. **Pagsusumite ng mga User**

Nakatanggap ang content creator ng notipikasyon tungkol sa pagsusuri ng Board pero hindi ito nagbigay ng pahayag.

3. **Mga Patakaran at Pagsusumite ng Content ng Meta**

*I. Mga Patakaran sa Content ng Meta*

Karahasan at Pag-udyok ng Karahasan

Ayon sa katwiran sa likod ng patakaran sa Karahasan at Pag-udyok ng Karahasan, tinatanggal ng Meta ang "mga salitang nag-uudyok o nagpapasimula ng karahasan at kapani-paniwalang banta sa kaligtasan ng publiko o ng isang tao." Nauunawaan nito na "karaniwang ipinahahayag ng mga tao ang kanilang pagkamuhi o hindi pagsang-ayon sa pamamagitan ng pagbabanta o paghimok ng karahasan sa mga paraang hindi seryoso at kaswal" at sinusubukan ng Meta na isaalang-alang ang "mga salita at konteksto upang matukoy ang mga pahayag na kaswal o naghahatid ng kamalayan mula sa content na nagpapakita ng kapani-paniwalang banta sa kaligtasan ng publiko o ng isang tao."

Ayon sa patakaran, protektado ang lahat laban sa "mga banta ng karahasan na maaaring humantong sa pagkamatay (o iba pang anyo ng malubhang karahasan)." Ipinagbabawal din nito ang mga banta ng karahasan "na maaaring humantong sa malubhang pinsala (karahasang mid-severity o may katamtamang kalubhaan)." Binibigyang-kahulugan nito ang mga banta ng karahasan bilang "mga pahayag o visual na kumakatawan sa isang intensyon, mithiin o paghimok ng karahasan laban sa isang target, at puwedeng ipahiwatig ang mga banta sa iba't ibang uri ng pahayag gaya ng mga pahayag ng layon, paghimok ng aksyon, adbokasiya, pagpapahiwatig ng pag-asa, pahayag na puno ng mithiin at pahayag na may kondisyon." Ayon sa panloob na patnubay ng Meta sa mga moderator, "ang pagtugis ay isang pamamaraan para sa karahasan kung malinaw ang konteksto na ang layunin sa likod ng pagtugis ay upang maghasik ng karahasan laban sa target."

Ipinagbabawal din sa patakaran, sa pag-escalate at nang may mga karagdagang impormasyon at/o konteksto, ang "mga naka-code na pahayag kung saan ang paraan ng karahasan ay hindi malinaw na binanggit, ngunit nakapaloob o hindi lantaran ang banta, tulad ng ipinakikita sa kumbinasyon ng isang senyales ng banta at senyales ng konteksto." Puwedeng kabilang sa senyales ng banta ang isang naka-code na pahayag na ibinabahagi sa konteksto ng paghihiganti, na "nagsisilbi bilang mapagbantang paghimok ng aksyon" at nagsasaad ng "kaalaman o nagbabahagi ng sensitibong impormasyong maaaring maglantad sa iba sa karahasan." Umiiral ang isang senyales ng konteksto kapag "kinumpirma ng lokal na konteksto o mga eksperto na ang pinag-uusapang pahayag ay maaaring humantong sa nagbabadyang karahasan," iniulat ng target o kaniyang kinatawan ang content sa Meta, o kapag isang bata ang target.

Pananakot at Panggigipit

Ipinagbabawal sa Pamantayan ng Komunidad sa Pananakot at Panggigipit ng Meta ang iba't ibang anyo ng pang-aabusong nakadirekta laban sa mga indibidwal. Ipinapaliwanag sa katwiran sa likod ng patakaran na ang pananakot at panggigipit ay puwedeng magkaroon ng maraming anyo, kabilang na rito ang "pagbabanta" at "pagpapadala ng mga mapagbantang mensahe." "Tinutukoy rin nito ang pagkakaiba sa pagitan ng mga pampublikong personalidad at pribadong indibidwal" upang "payagan ang talakayan, na kadalasang kinabibilangan ng mapamunang komentaryo tungkol sa mga taong tampok sa balita o may malaking pampublikong audience."

Sa mga pampublikong panuntunan nito, ipinagbabawal ng Meta ang "mga alegasyon tungkol sa kriminal o ilegal na asal" na nagta-target ng mga pribadong menor de edad. Ayon din sa panloob na patnubay ng Meta sa mga tagasuri, sa pag-escalate, maaaring tanggalin ng kumpanya ang ilang partikular na kriminal na alegasyon laban sa mga nasa hustong gulang kapag ipinapakita sa konteksto na ang alegasyon ay naghahatid ng peligrong makapaminsala offline sa pinangalanang indibidwal.

*II. Mga Pagsusumite ng Meta*

Isinangguni ng Meta ang kasong ito sa Board dahil may binabanggit itong mga bata at salita na maaaring maipagpalagay na mapagbanta. Nauunawaan ng Meta ang tensyon sa pagitan ng "pagiging pinakamahalaga ng tinig (paramount value of voice)" at ng kaligtasan at privacy sa kasong ito. Ayon sa Meta, "sa mga sitwasyon kung saan ang pamilya ng pulitiko, partikular na ang kanilang mga anak, ay bahagi ng mga alegasyon ng katiwalian, mananatiling pinakamahalaga ang tinig, ngunit puwedeng maging mas

kumplikado ang pagtatasa, lalo na kapag tunog mapagbanta ang mga pambibintang."

Ibinahagi ng Meta na nakakatanggap ito minsan ng "pagdaing mula sa mga pulitiko na tanggalin ang ganitong uri ng content, partikular na kapag binabanggit dito ang mga miyembro ng kanilang pamilya" at "tumitindi ang mga alalahaning ito kapag menor de edad ang mga miyembro ng pamilya." Sa ganitong kaso, nauunawaan ng Meta na "may interes ang mga tao na talakayin ang ipinagpapalagay na katiwalian ng kanilang mga halal na opisyal, kung saan ang ilan ay maaaring kinasasangkutan ng mga miyembro ng kanilang pamilya." Bilang tugon sa isang tanong mula sa Board, ipinaliwanag ng Meta na ang pahayag tungkol sa pagdaing ng mga pulitiko ay "batay sa anekdota" at hindi batay sa "datos na sinusubaybayan namin." Inalala ng mga pangkat sa pag-escalate ng kumpanya na nakatanggap sila ng mga nakaraang reklamo mula sa mga pulitiko at pampublikong opisyal tungkol sa content na naghihinala ng katiwalian at nagbabanggit sa mga miyembro ng kanilang pamilya. Ang mga opisyal na ito ay "hindi nagbanta [sa kumpanya] dahil sa hindi nito pagsunod sa patakaran," hiniling lang nila na tanggalin ang content.

Bilang tugon sa mga tanong ng Board, ipinaliwanag ng Meta na sa kasong ito, in-escalate nito ang content sa mga eksperto sa larangan para sa karagdagang pagsusuri, matapos itong makatanggap ng "ulat mula sa isang kontak sa Kapulungan ng mga Kinatawan."

Napag-alaman ng kumpanya na hindi direktang nagbabanta o walang nakapaloob na banta ang content sa ilalim ng patakaran nito sa Karahasan at Pag-udyok ng Karahasan. Unang isinalin ng Meta ang caption na "Hindi ka namin patahimikin" bilang "Tutugisin ka namin," at nauunawaan nito na ang salitang "pagtugis" ay nangangailangan ng "nuanced" na interpretasyon sa ilalim ng panloob na patnubay ng kumpanya. Puwede itong "magmungkahi ng intensyong maghasik ng karahasan ngunit maaari din itong hindi makapaminsala (na kasingkahulugan ng paghahanap ng isang bagay o isang tao)." Bilang tugon sa isang tanong mula sa Board kung nagsaalang-alang ang Meta ng ibang pagsasalin kaugnay ng iba pang parirala sa post, ibinahagi rin ng kumpanya na ang isa pang posibleng pagsasaling ibinigay ng eksperto nito sa rehiyon ay, "Hindi ka namin hahayaang dumanas ng katahimikan/kapayapaan."

Sa tulong ng mga eksperto sa lokal na konteksto at larangan, napag-alaman ng Meta na hindi naglalaman ang content ng direktang bantang maghasik ng karahasan laban sa pulitiko o sa kaniyang pamilya. Ipinakahulugan ng Meta ang pariralang "Hindi bale

nang mawala ang kaligtasan at seguridad ng pamilya mo" na nasa caption ng post bilang "uminit sa mata ng publiko ang pamilya dahil sa katiwalian sa hindi kaaya-ayang paraan na nagkompromiso sa kanilang seguridad." Ipinakahulugan din nito ang pahayag na "Tutugisin ka namin" bilang "intensyong puksain ang uri ng katiwaliang binabanggit sa post."

Napag-alaman din ng Meta na hindi naglalaman ang post ng nakapaloob na banta sa parehong mga dahilan na napag-alaman ng mga pangkat sa rehiyon na hindi ito nagdudulot ng direktang banta – dahil ipinakahulugan ang post bilang "pulitikal na pamumuna at pagpapahayag ng intensyong hingan ng pananagutan ang pulitiko para sa ipinagpapalagay na katiwalian nito." Ni-reference ng Meta ang dalawang kinakailangang elemento ng isang nakapaloob na banta sa ilalim ng patakaran nito ngunit hindi nito inanalisa ang post para sa mga ito, dahil "para sa pangkat sa rehiyon, hindi ito maituturing bilang banta."

Napag-alaman din ng kumpanya na hindi nilabag ng post ang patakaran nito sa Pananakot at Panggigipit na nagbabawal sa paggawa ng mga alegasyon ng krimen laban sa mga pribadong menor de edad. Ipinaliwanag ng Meta na hindi ipinaparatang ng content na may isinagawang kriminal na asal ang mga bata. Ipinahayag din ng Meta na isinaalang-alang nito na ang pulitiko ang pokus ng pamumuna at hindi ang mga bata.

Napag-alaman din ng Meta na hindi nilabag ng content ang panloob na patnubay nito sa patakaran nito sa Pananakot at Panggigipit, na nagbabawal sa ilang partikular na alegasyon ng krimen laban sa mga nasa hustong gulang kapag "sa pag-escalate, ipinakita sa konteksto na nagdudulot ang alegasyon ng peligrong mapinsala offline ang pinangalanang indibidwal." Nauunawaan ng Meta na kahit na maaaring maipakahulugan ang teksto bilang alegasyon ng krimen, ang pulitiko ay miyembro ng lehislatibong sangay at kwalipikadong maituring bilang pampublikong personalidad. Sa ilalim ng patakarang ito, ang mga pampublikong personalidad, hindi tulad ng mga pribadong indibidwal, ay hindi protektado mula sa mga ganitong uri ng pag-atake dahil kadalasang bahagi ng lehitimong pananalitang pumupuna sa mga pulitiko ang mga alegasyon ng pagsasagawa ng krimen. Nauunawaan din nito na walang anumang indikasyon ang kumpanya, batay sa feedback mula sa kanilang pangkat sa rehiyon, na nakapag-ambag ang content sa peligrong mapinsala offline sa pulitiko o ang kaniyang pamilya.

Tinanong ng Board ang Meta tungkol sa mga classifier na tumukoy sa content bilang posibleng lumalabag at kung paano nila isinapriyoridad ang content para sa

pagsusuri; ang mga diskarteng isinasaalang-alang ng Meta upang maprotektahan ang mga karapatan ng mga miyembro ng pamilya na nadadawit sa mga alegasyon ng katiwalian; at kung paano pangkalahatang tinutugunan ng Meta ang mga hiling mula sa mga pulitiko sa mga sitwasyong tulad nito. Sinagot ng Meta ang lahat ng tanong.

## 4. Mga Komento ng Publiko

Nakatanggap ang Board ng apat na komento mula sa publiko na nakatugon sa mga tuntunin para sa pagsusumite. Dalawa sa mga komento ang isinumite mula sa Latin America at sa Caribbean, isa mula sa Europa at isa mula sa Estados Unidos at Canada. Upang mabasa ang mga komento ng publiko na isinumite nang may pagpayag na mailathala ang mga ito, i-click ito.

Nakapailalim ang mga pagsusumite sa mga sumusunod na tema: kung paano pangalagaan ang pulitikal na pagpapahayag tungkol sa katiwalian, partikular na kapag may sangkot na mga rhetorical na banta o tina-target ang mga miyembro ng pamilya ng mga pulitiko at pampublikong opisyal, kabilang na ang mga menor de edad; ang balanse sa pagitan ng pagprotekta sa mga karapatan ng mga bata kapag idinawit o inilarawan sila sa mga nasabing konteksto; mga rhetorical na banta bilang feature ng pandaigdigang pulitikal na diskurso; pag-uulat at pag-iimbestiga laban sa katiwalian; at mga estratehiya ng katiwalian para sa pagtatago ng mga asset sa pamamagitan ng mga miyembro ng pamilya.

## 5. Pag-aanalisa ng Oversight Board

Pinili ng Board ang kasong ito dahil binibigyang-diin nito ang mga hamon sa paggawa ng ebalwasyon sa kalayaan sa pagpapahayag sa konteksto ng katiwalian sa pulitika - isang pangunahing anyo ng pagsasalita tungkol sa pulitika - partikular na kapag ang nasabing mga alegasyon ay maaaring magbanggit ng mga miyembro ng pamilya ng pulitiko o pampublikong opisyal, na may kinalaman sa mga alalahanin sa kaligtasan at privacy ng mga menor de edad. Napapailalim ang kasong ito sa estratehikong priyoridad ng Board sa mga Halalan at Sibikong Espasyo.

Inanalisa ng Board ang desisyon ng Meta sa kasong ito batay sa mga patakaran sa content, bagay na pinapahalagahan at tungkulin para sa mga karapatang pantao ng Meta. Tinasa rin ng Board ang mga implikasyon ng kasong ito para sa mas malawak na diskarte ng Meta sa pangangasiwa ng content.

### 5.1 Pagsunod sa Mga Patakaran sa Content ng Meta

*Mga Panuntunan sa Content*

Pamantayan ng Komunidad sa Karahasan at Pag-udyok ng Karahasan

Ang mga isyung may kinalaman sa mga pagbabanta sa kaligtasan at kapakanan ng mga bata online ay dapat seryosohin at agad na tugunan. Gayunman, napag-alaman ng Board na ang content sa kasong ito ay hindi lumalabag sa patakaran sa Karahasan at Pag-udyok ng Karahasan at hindi rin ito direktang nagpapahiwatig ng mga nasabing alalahanin. Pinupuna sa post ang isang pulitiko para sa mga paratang ng katiwalian at, kaugnay ng pagsasalin sa mga salitang nilalaman ng post batay sa kultura, hindi ito naglalaman ng direkta o nakapaloob na banta.

Una, hindi naglalaman ang post ng mga bantang “maaaring humantong sa pagkamatay (o iba pang anyo ng matinding karahasan)” o sa “malubhang pagkapinsala (karahasang mid-severity)” na nakabalangkas sa patakaran. Ang mga parirala sa post na maaaring maipagpalagay bilang paghimok ng karahasan ay nauunawaan nang mas mabuti bilang pagtatakwil sa katiwalian at pangakong isiwalat ito. Ipinaliwanag ng mga eksperto sa lingguwistika na kinonsulta ng Board na ang pariralang “Hindi ka namin patahimikin,” na unang isinalin ng Meta bilang “Tutugisin ka namin,” ay may literal na kahulugang “Hindi ka namin hahayaang mamuhay nang payapa” o “Hindi ka namin hahayaang mamuhay nang tahimik,” ngunit mas madali itong maintindihan bilang "Hindi ka namin tatantanan." Sa pagsasaling ito, hindi ito pagbabanta ng karahasan kundi nagpapahayag ito ng pangakong habulin at ilantad ang katiwalian ng pulitiko. Sa kontekstong ito, ang iba pang parirala, kabilang na ang “Hindi na baleng mawalan ng kaligtasan at seguridad ang pamilya mo" at "Ito ang kapalit, Zaldy. Ang pamilya mo,” ay hindi dapat ipakahulugan bilang senyales ng intensyon o paghimok na maghasik ng karahasan. Pinupuna at tinutuligsa niya si Co para sa diumanong pagsangkot nito sa kaniyang pamilya sa katiwalian, na dahilan kung bakit sila napasabak sa pambabatikos ng publiko.

Pangalawa, hindi rin naglalaman ang post ng nakapaloob na banta, na nangangailangan ng “senyales ng banta” at “senyales ng konteksto.” Puwedeng nakabatay sa konteksto ang senyales ng banta, sa pamamagitan ng pagbanggit ng paghihiganti o karahasan batay sa kasaysayan, na nag-iimbita sa iba na magsagawa ng karahasan o magbahagi ng sensitibong impormasyon. Hindi ibinahagi ang content sa kontekstong mapaghiganti, kundi sa gitna ng mga pangunahing kaganapan at debate sa pulitika tungkol sa laganap na katiwalian sa pulitika. Kasama na rito ang mga pampublikong debate tungkol sa pagmamay-ari ng eroplanong nagbiyahe sa dating

pangulong Duterte patungo sa The Hague kasunod ng pag-aresto sa kaniya, at mga espekulasyon tungkol sa pagmamay-ari ng dating Kongresistang si Co sa aircraft. Wala ring naipatungkol na karahasan batay sa kasaysayan. Sa pagpapasyang hindi nag-iimbita ang post ng iba upang maghasik ng karahasan, ginawan ng Board ng ebalwasyon ang mga kaparehong salik ng interpretasyon na inilalarawan sa itaas, kabilang na rito ang lokal na konteksto, paggamit ng lingguwistika at ang kakulangan ng malinaw na intensyong makapaminsala, upang mapag-alamang walang "paghimok ng mapagbantang aksyon." Hindi rin nagpahayag ang post ng "kaalaman sa o pagbabahagi ng sensitibong impormasyon na maaaring maglantad sa iba sa karahasan" at patungkol lang ito sa mga alegasyon ng katiwalian na malawakang tinatalakay ng publiko. Iniulat na naibahagi sa publiko ang larawan ng pamilya sa social media ng pulitiko.

Katulad nito, hindi rin natugunan ng post ang "senyales ng konteksto," na ang ibig sabihin ay karagdagang impormasyong batay sa konteksto o ekspertong pananaw na nagkukumpirmang may posibilidad ng karahasan; iniulat ng target ang content; o isang bata ang target. Sa kasong ito, hindi nagpapahayag ang konteksto ng anumang nagbabadya o posibleng peligro ng karahasan laban sa pulitiko o sa kaniyang pamilya. Hindi iniulat ng pulitiko ang content, na isa pang posibleng senyales ng konteksto. Panghuli, tina-target ng post ang pulitikong may mga alegasyon ng katiwalian, at hindi ang mga bata, na binabanggit lang sa konteksto ng mga alegasyong iyon.

<u>Pamantayan ng Komunidad sa Pananakot at Panggigipit</u>

Hindi nilalabag ng content sa kasong ito ang patakaran sa Pananakot at Panggigipit. Sang-ayon ang Board sa Meta na hindi naglalaman ang post ng mga alegasyon tungkol sa kriminal o ilegal na asal na nakadirekta laban sa mga pribadong menor de edad mismo, bagaman ipinapahiwatig nito na maaaring isinangkot sila ng kanilang ama sa diumanong katiwalian nito. Hindi rin nito nilalabag ang panloob na patnubay ng Meta na nagbabawal sa mga alegasyon ng krimen laban sa mga taong nasa hustong gulang kapag maaari itong humantong sa kapahamakan offline.

Maraming salik ang nagpapahayag na ang mga alegasyon ng katiwalian sa kontekstong ito na sumasailalim sa pagsusuri ay nakadirekta lang sa pulitiko, na isang pampublikong personalidad at nasa hustong gulang, at hindi sa mga miyembro ng kaniyang pamilya. Hindi pinangalanan o direktang ina-address ang mga bata sa post, na nakapokus sa pulitiko. Sinabi ng mga eksperto sa lingguwistika na kinonsulta ng Board na tinutuligsa ng post ang malakihang katiwaliang posibleng isinagawa ng pulitiko. Hindi ito nagsasagawa ng mga alegasyon na ang mga bata o sinupamang

miyembro ng kaniyang pamilya ay naghangad na makisali sa mga kriminal na gawain, sa halip ay pinupuna nito ang posibleng pagsangkot ng pulitiko sa kaniyang mga anak. Dagdag pa rito, nagpahiwatig din ang nag-post na user ng bahagyang pag-aalala para sa mga bata at sinisisi nito ang kanilang diumanong tiwaling magulang dahil sa pagsangkot sa kanila sa isang pakanang maaaring magkompromiso sa kanilang kaligtasan.

Nauunawaan ng Board na ang patakarang nagbabawal sa mga alegasyon ng krimen laban sa mga pribadong menor de edad ay dapat gamitin upang protektahan ang mga bata ngunit hindi nito dapat patahimikin ang mga alegasyon ng katiwalian kung saan ginagamit ang mga bata bilang proxy.

**5.2 Pagsunod sa mga Tungkulin para sa mga Karapatang Pantao ng Meta**

Napag-alaman ng Board na ang pagpapanatili sa content sa platform ay nakaayon sa mga tungkulin para sa mga karapatang pantao ng Meta.

*Kalayaan sa Pagpapahayag (Artikulo 19 ICCPR)*

Ang Artikulo 19 ng International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR) ay naglalaan ng malawak na proteksyon sa pagpapahayag, kabilang na rito ang pulitikal na diskurso, at nagpoprotekta "kahit pa sa pagpapahayag na maaaring ituring na ganap na mapanakit" (Pangkalahatang Komento Blg. 34, talata 11, 13 at 38). Nagbibigay ito ng "partikular na matinding" proteksyon sa "pampublikong debate hinggil sa mga pampublikong personalidad sa mundo ng pulitika at mga pampublikong institusyon" bilang mahalagang bahagi ng pagsasagawa ng mga pampublikong gawain (Pangkalahatang Komento Blg. 34, talata 38, 20). Tahasan nitong ipinapahayag na ang "lahat ng pampublikong personalidad, kabilang na ang mga nagpapamalas ng pinakamataas na awtoridad sa pulitika gaya ng mga pinuno ng estado at pamahalaan, ay lehitimong mapapailalim sa pamumuna at pagtuligsa sa pulitika" (Pangkalahatang Komento Blg. 34, talata 38, 20). Ayon sa UN Special Rapporteur sa pagsulong at pagprotekta sa karapatan sa kalayaan sa opinyon at pagpapahayag, ang kalayaan sa pamamahayag ay "isang mahalagang kasangkapan para sa paglaban sa impunity o pagtakas sa kaparusahan at katiwalian" (A/HRC/14/23).

Kapag nagpataw ang isang estado ng mga restriksyon sa pagpapahayag, dapat nilang matugunan ang mga kinakailangan sa legalidad, lehitimong layon, at pangangailangan at kaakmaan (Artikulo 19, talata 3, ICCPR). Kadalasang tinutukoy ang

mga kinakailangang ito bilang "pagsusuri na may tatlong bahagi (three-part test)." Ginagamit ng Board ang balangkas na ito upang bigyang-kahulugan ang mga tungkulin para sa mga karapatang pantao ng Meta kaugnay ng Mga Panggabay na Prinsipyo ng UN sa Negosyo at mga Karapatang Pantao, na pinaninindigan ng Meta sa Pangkumpanyang Patakaran sa mga Karapatang Pantao nito. Ginagawa ito pareho ng Board kaugnay ng desisyon sa indibidwal na content at sa sinasabi nito tungkol sa mas malawak na diskarte ng Meta sa pangangasiwa ng content. Ayon sa sinabi ng UN Special Rapporteur sa kalayaan sa pagpapahayag, bagaman "walang obligasyon ang mga kumpanya sa mga pamahalaan, dahil sa epekto ng mga ito, kinakailangan nilang tasahin ang parehong uri ng mga tanong tungkol sa pagprotekta sa karapatan ng mga user sa kalayaan sa pagpapahayag" (A/74/486, talata 41).

*I. Legalidad (Pagiging Malinaw at Accessible ng mga Panuntunan)*

Ang prinsipyo ng legalidad sa ilalim ng mga internasyonal na batas sa mga karapatang pantao ay nag-aatas ng mga panuntunang nagpapataw ng limitasyon na kailangang maging malinaw at accessible sa publiko ang pagpapahayag (Pangkalahatang Komento Blg. 34, sa talata 25). Ang mga panuntunang naghihigpit sa pagpapahayag ay "hindi maaaring magpataw ng walang kontrol na paghuhusga hinggil sa paghihigpit sa kalayaan sa pagpapahayag sa mga napapailalim sa pagpapatupad [sa mga ito]" at "nagbibigay ng sapat na patnubay sa mga napapailalim sa pagpapatupad sa mga ito upang mabigyang-daan sila na matiyak kung anong mga uri ng pagpapahayag ang wastong pinaghihigpitan at kung ano ang hindi" (A/HRC/38/35, sa talata 46). Ang mga taong gumagamit ng mga platform ng Meta ay dapat magkaroon ng access at pag-unawa sa mga panuntunan, at ang mga tagasuri ng content ay dapat magkaroon ng malinaw na patnubay sa kanilang pagpapatupad.

Napag-alaman ng Board na, tulad ng ipinapataw sa kasong ito, natutugunan ng mga patakaran ng Meta ang mga pamantayan sa legalidad.

Hinggil sa patakaran sa Karahasan at Pag-udyok ng Karahasan, bilang tugon sa rekomendasyon ng Board sa desisyon ng UK Drill Music, binibigyang-linaw sa patakaran ngayon sa publiko na upang matanggal ang content bilang nakapaloob na pagbabanta, kinakailangan ng "senyales ng banta" at "senyales ng konteksto".

Ang patakaran sa Pananakot at Panggigipit na nagbabawal ng mga alegasyon tungkol sa kriminal o ilegal na asal laban sa mga pribadong menor de edad ay naa-access din ng publiko at malinaw para sa mga user at tagasuri ng content. Gayunman, nag-aalala ang Board na ang probisyong nagbabawal ng mga alegasyon ng krimen laban sa mga

nasa hustong gulang kapag "ipinapakita sa konteksto ng escalation na ang mga alegasyon ay naghahatid ng peligrong makapaminsala offline sa pinangalanang indibidwal" ay kasama lang sa panloob na patnubay para sa mga tagasuri sa halip na sa pampublikong bersyon ng patakaran. Dati nang inirekomenda ng Board na maipakita ang panloob na patnubay ng Meta sa mga patakaran nito na nakatuon sa publiko, upang malinaw na maunawaan ng mga user kung ano ang pinapahintulutan o pinagbabawalan, malaman kung paano ipinapataw ang mga panuntunan at maisaayos ang kanilang asal ayon sa nararapat (tingnan ang Pagbabahagi ng Pribadong Impormasyon ng Tirahan, Mga Protesta sa Colombia, Slogan ng Protesta sa Iran, Mga Pahayag Laban sa Punong Ministro ng Japan, Karahasan Laban sa Kababaihan at Make-up Video para sa Pag-aasawa ng Bata sa Iran).

II. *Lehitimong Layon*

Sa internasyonal na batas sa mga karapatang pantao tulad ng ipinapataw sa mga estado, ang anumang paghihigpit sa kalayaan sa pagpapahayag ay dapat ding magkaroon ng isa o higit pa sa mga lehitimong layong nakalista sa ICCPR, kung saan kasama ang pagprotekta sa kaligtasan at mga karapatan ng iba.

Layon ng Pamantayan ng Komunidad sa Karahasan at Pag-udyok ng Karahasan na “makaiwas sa posibleng pagkapinsala offline” sa pamamagitan ng pagtatanggal ng content na naghahatid ng “totohanang peligro ng pisikal na pamiminsala o direktang pagbabanta sa kaligtasan ng publiko.” Sinasaklaw sa patakarang ito ang lehitimong layong protektahan ang mga karapatan sa buhay at seguridad (Artikulo 6, ICCPR; Artikulo 9 ICCPR) (tingnan ang Mga Pahayag Laban sa Punong Ministro ng Japan). Ayon sa Pamantayan ng Komunidad sa Pananakot at Panggigipit, layon nitong protektahan ang mga user laban sa pananakot at panggigipit na ginawa sa pamamagitan ng “pagbabanta at paglalabas ng impormasyong may personal na pagkakakilanlan [at] pagpapadala ng mapagbantang mensahe at paggawa ng hindi kanais-nais na malisyosong pakikipag-ugnayan.” Sinasaklaw nito ang lehitimong layong protektahan ang mga karapatan ng iba (tingnan ang Mga Video ng Debate sa Pagkakakilanlang Pangkasarian), kabilang na rito ang karapatan sa privacy at seguridad (Artikulo 9, ICCPR; Artikulo 17, ICCPR).

III. *Pangangailangan at Kaakmaan*

Sa ilalim ng Artikulo 19(3) ng ICCPR, ang pangangailangan at kaakmaan ay nag-aatas na ang mga paghihigpit sa pagpapahayag ay “angkop dapat upang makamit ang silbi nito bilang tagapagprotekta; ang mga ito ay instrumento dapat na pinakahindi

nanghihimasok mula sa lahat ng maaaring magsilbi bilang tagapagprotekta; akma dapat ang mga ito sa interes na maprotektahan" (Pangkalahatang Komento Blg. 34, talata 34).

Napag-alaman ng Board na ang desisyon ng Meta na panatilihin ang content sa platform ay nakaayon sa mga tungkulin nito para sa mga karapatang pantao. Ang pagtatanggal nito o ang iba pang paghihigpit ay hindi kinakailangan upang magprotekta ng buhay, kaligtasan at privacy ng mga taong binabanggit sa post, lalo na kung ibabatay sa partikular na konteksto kung paano na-post ang content. Batay sa katotohanang ang content na pinag-uusapan ay hindi naglalaman ng pagbabanta o paghimok ng karahasan, hindi kinakailangan ng paghihigpit.

Dapat ay maipahayag ng mga tao ang kanilang mga pananaw sa pulitika, kabilang na rito ang mga pamumuna sa asal ng mga pulitiko. Sa ilalim ng mga internasyonal na batas sa mga karapatang pantao, ang nasabing pananalita ay nakapailalim sa protektadong pagpapahayag sa pulitika. Ang mga namumuno sa pulitika at mga pampublikong opisyal ay inaatasang maging bukas sa mas mataas na antas sa pambabatikos at pamumuna kaysa sa mga pribadong indibidwal, dahil sa kanilang maimpluwensyang tungkulin sa mga gawaing pampubliko at sa karapatan ng publiko na papanagutin sila (tingnan ang Pangkalahatang Komento Blg. 34, talata 11, 38). Sinasalamin sa mga prinsipyong ito ang karapatan ng publiko na makisali sa mabigat na debate nang hindi nangangambang mapatahimik sila.

Paulit-ulit na binigyang-diin ng Board ang kahalagahan ng pananalita sa pulitika, kahit na gumagamit pa ng mga matalinghagang salita upang punahin ang mga pamahalaan, pulitiko o pampublikong opisyal (tingnan ang Slogan ng Protesta sa Iran, Babaeng Iranian na Kinompronta sa Lansangan, Pag-uulat sa Talumpati sa Parlamento sa Pakistan at Mga Pahayag Tungkol sa Punong Ministro ng Japan). Sa mga ganitong kaso, nauunawaan ng Board na ang pagpapahayag na ginamit upang punahin ang mga pampublikong opisyal ay dapat gawan ng ebalwasyon batay sa panlipunan at lingguwistika nitong konteksto, upang maunawaan ang mga peligrong maaari nitong idulot. Sa isang pampublikong komentong isinumite sa Board, ang organisasyong laban sa katiwalian na Transparency International ay nakakaunawa rin sa ginagampanang papel ng mga online na kilusan sa paglalantad ng katiwalian, na nagbibigay-diin sa kakayahan ng mga ito na mapakilos ang mga mamamayan, manghingi ng pananagutan at tutulan ang pang-aabuso sa kapangyarihan, kahit na sa mga lugar kung saan nagkaroon ng pagkukulang ang mga tradisyonal na institusyon (tingnan ang PC-31435).

Partikular na mahalaga ito sa mga kapaligiran kung saan ang kalayaan sa pagpapahayag upang tuligsain ang katiwalian ay maaaring pinaghihigpitan o mapanganib. Sa kamakailang ulat sa Pilipinas, ang UN Special Rapporteur sa kalayaan sa pagpapahayag ay naghain ng mga alalahanin tungkol sa red-tagging, pagmamatyag, panggigipit at pati na sa mga pagpatay na naglalagay sa panganib sa mga taong nagsasalita laban sa mga pang-aabuso sa pamahalaan o nag-iimbestiga sa mga ito. Naitala ng rapporteur na "ang kritikal na pag-uulat sa mga patakaran ng estado… ay hindi mga gawain ng terorismo ngunit lehitimong gawain sa ilalim ng internasyonal na batas sa mga karapatang pantao" at pinapakilos nito ang pamahalaan upang "wakasan ang pananakot at panggigipit, pagbabanta at pang-aatake sa mga mamamahayag, tagapagtanggol ng mga karapatang pantao at mga kumikilos para sa lipunang sibil." Bukod pa rito, napag-alaman sa pananaliksik na isinagawa ng Board na ang mga taong namumuna ng mga pulitiko at naglalantad ng katiwalian ay kadalasang higit na nanganganib na mapaghigantihan sa Pilipinas kaysa sa mismong mga pulitiko.

Ang mga karapatan sa kaligtasan at privacy ay mga pangunahing alalahanin, ngunit ang paghihigpit sa pagpapahayag ay hindi kinakailangan sa kasong ito. Sa pagtukoy sa mga posibleng peligro para sa kaligtasan o privacy ng mga indibidwal na binabanggit sa post, tinasa ng Board ang maraming salik. Hinggil sa kaligtasan, iminumungkahi sa mga elemento ng konteksto na ang ginamit na pananalita ay pulitikal na diskursong namumuna sa isang pampublikong opisyal dahil sa kaniyang diumanong katiwalian at hindi naglalaman ng banta ng karahasan. Kaugnay ng privacy, binabanggit sa content ang pamilya ng pulitiko sa konteksto ng mga alegasyong ikinubli ng pulitiko ang kaniyang mga asset sa pamamagitan nila. Hindi naglalaman ang larawan ng pribado o sensitibong impormasyon at lumalabas na dati na itong naibahagi sa publiko ng pulitiko sa kaniyang social media. Bukod sa pulitiko, wala nang ibang miyembro ng pamilya ang pinangalanan sa post na ito.

Sa antas ng patakaran, ang pagtatasa ng mga peligro sa privacy at kaligtasan, partikular na kung may kinalaman ang mga bata, ay nag-aatas ng maingat na pagsasaalang-alang. Ayon sa UN Committee on the Rights of the Child, "ang pag-moderate ng content at mga kontrol sa content ay nakabalanse dapat sa karapatan sa proteksyon laban sa mga paglabag sa iba pang karapatan ng mga bata, lalo na sa kanilang mga karapatan sa kalayaan sa pagpapahayag at privacy" (tingnan ang Pangkalahatang Komento Blg. 25). Gayunpaman, naniniwala ang Board na ang layong magprotekta ay hindi dapat gamitin bilang kasangkapan ng mga pampublikong opisyal upang makatakas sa pambabatikos.

Ipinaalam ng Meta sa Board na nakakatanggap ito minsan ng "pagdaing mula sa mga pulitiko upang alisin ang ganitong uri ng content" kapag binabanggit ang kanilang mga miyembro ng pamilya, kasama na ang mga bata, at binigyang-diin ang mga hamong kinahaharap nito sa paggawa ng ebalwasyon sa kalayaan sa pagpapayahag sa mga nasabing sitwasyon. Ang mga hiling na tanggalin ang mga social media post na naglalantad ng diumanong katiwalian ng matataas na pampublikong opisyal ay dapat batikusin nang matindi (tingnan ang pampublikong komento ng Transparency International, PC-31435). Bagaman puwedeng mangyari ang mga alegasyon ng katiwalian sa konteksto ng mga mapagbantang pag-atake (tingnan ang Content na Nagta-target sa mga Tagapagtanggol ng mga Karapatang Pantao sa Peru), dapat matukoy ng Meta na kapag walang umiiral na banta ng karahasan – tulad ng sa kasong ito – ang mga nasabing hiling ay maaaring hindi talaga naglalayong protektahan ang mga bata kundi isang pagtatangka ng mga makapangyarihang tao na talikuran ang kanilang pananagutan at pigilan ang lehitimong debate. Bagaman palaging dapat ingatan ang mga karapatan at kaligtasan ng mga bata, hindi puwedeng magsilbi ang mga proteksyong ito bilang pretext upang mapatahimik ang mga alegasyon ng maling asal ng taong nasa katungkulan. Ang angkop na tugon ay kinakailangan at akma dapat, na magtatasa sa mga senyales ng konteksto nang mabuti at tutukoy sa napakalaking interes ng publiko sa katapatan at pananagutan at naaayong proteksyon para sa pananalitang naghihinala ng katiwalian ng mga pampublikong opisyal.

Sa kasong ito, ang na-escalate na pagpapatupad ay nagkaroon ng wastong kinahinatnan. Sa automated na pagpapatupad ng Meta, tinukoy ang content bilang posibleng lumalabag sa Mga Pamantayan ng Komunidad. Kung naisapriyoridad ito upang masuri ng mga tao, naisalalay sana ang resulta nito sa malawakang kakayahan ng mga tagasuri na ipakahulugan ang lokal na konteksto at pananalita. Sa mga nakaraang kaso, paulit-ulit na binigyang-diin ng Board ang paiba-iba nitong malawakang pagpapatupad sa mga patakaran nito kaugnay ng hindi literal na pagbabanta at pinakilos nito ang Meta upang magpatulong sa mga lokal na eksperto at eksperto sa konteksto upang gumawa ng mabibigat na desisyon (tingnan ang Pagtawag sa Kababaihan na Magprotesta sa Cuba, Mga Pahayag Tungkol sa Punong Ministro ng Japan, Slogan ng Protesta sa Iran at Babaeng Iranian na Kinompronta sa Kalye). Bagaman nag-ulat ang Meta ng progreso sa pagpapatupad sa mga rekomendasyong ito, hindi ganap na naipatupad ang lahat ng ito. Ipinaalam ng Meta sa Board na patuloy itong "nagsisikap nang mas malawakan sa Karahasan at Pag-udyok ng Karahasan at nananatili itong nakatuon sa pagbuo ng patakaran" upang makakamit ng higit na balanse sa pagitan ng marahas na pananalita at pagpapahayag sa pulitika (tingnan ang Bi-Annual na ulat sa Oversight Board ng Meta, H1 2025 at Mga

Pahayag Tungkol sa Punong Ministro ng Japan). Binigyang-diin ng Board ang nagpapatuloy na kahalagahan ng mga rekomendasyong iyon dito.

## 6. Ang Desisyon ng Oversight Board

Pinapanindigan ng Board ang desisyon ng Meta na hindi tanggalin ang content.

## 7. Mga Rekomendasyon

1. Inuulit din ng Oversight Board ang mga nakaraang rekomendasyon nito na pagbutihin pa ng Meta ang pagpapatupad ng patakaran batay sa kontekstuwal na pag-aanalisa kaugnay ng posibleng mapagbantang wika, na inisyu sa mga kaso ng Slogan ng Protesta sa Iran, Pagtawag sa Kababaihan na Magprotesta sa Cuba at Mga Pahayag Tungkol sa Punong Ministro ng Japan. Kabilang na rito ang pag-update sa panloob na patnubay na ibinibigay sa mga tagasuri ng content, kung saanman angkop, upang matugunan ng kumpanya ang anumang kawalan ng linaw, kakulangan o hindi pagkakatugma.

***Tala ukol sa Pamamaraan:**

- Ang mga desisyon ng Oversight Board ay ginagawa ng mga panel na binubuo ng limang Miyembro at inaaprubahan ayon sa pagboto ng mayorya ng buong Board. Ang mga desisyon ng Board ay hindi kailangang kumakatawan sa mga pananaw ng lahat ng Miyembro.

- Sa ilalim ng Karta nito, maaaring suriin ng Oversight Board ang mga apela mula sa mga user na may content na tinanggal ng Meta, mga apela mula sa mga user na nag-ulat ng content na hindi tinanggal ng Meta, at ang mga desisyong ni-refer ng Meta rito (Artikulo 2, Seksyon 1 ng Karta). Ang Board ay mayroong awtoridad na may legal na bisa upang panindigan o tutulan ang mga desisyon sa content ng Meta (Artikulo 3, Seksyon 5 ng Karta; Artikulo 4 ng Karta). Maaaring mag-isyu ang Board ng mga rekomendasyong walang legal na bisa na kinakailangang tugunan ng Meta (Artikulo 3, Seksyon 4; Artikulo 4 ng Karta). Kung mangangako ang Meta na kikilos ito ayon sa mga rekomendasyon, susubaybayan ng Board ang kanilang pagpapatupad.

- Para sa desisyong ito sa kaso, kinomisyon ang isang independiyenteng pananaliksik sa ngalan ng Board. Ang kaalaman mula sa mga eksperto sa larangan ng lingguwistika ay ibinigay ng Lionbridge Technologies, LLC, na may mga espesyalistang matatas sa mahigit 350 wika at nagtatrabaho mula sa 5,000 lungsod sa buong mundo.*